Mayo, 2023

Sa tagapangalaga,

Yokohama City Board of Education
Yokohama City PTA Liason Council

Paghingi ng pang-unawa at pakikisama sa mga pagkilos upang mapabuti ang work style ng mga guro at kawani ng paaralan

(para pagyamanin ang mga gawaing pang-edukasyon na nagbibigay halaga sa bawat mag-aaral)

Maraming salamat sa inyong patuloy na suporta at pakikipagtulungan sa edukasyon ng Yokohama.

Para pagyamanin ang mga gawaing pang-edukasyon na nagpapahalaga sa bawat mag-aaral, ang Board of Education at PTA Liaison Council ay nagtataguyod ng iba't-ibang hakbang kasama ang mga paaralan para maituon ng mga guro at mga kawani ang kanilang pansin sa kanilang pangunahing responsibilidad na paghahannda para sa mga klases at pag-alalay sa mga mag-aaral.

Ang mga isyu sa kasalukuyan

- Nangangailangan ng mas maraming oras ang mga guro at mga kawani para lalong pagyamanin ang kanilang kaalaman tungkol sa mga gawaing pang-edukasyon kasama na rito ang pagsagawa ng mga klase na gumagamit ng ICT.
- Noong taong 2021, may 2798 na mga guro at mga kawani ang nag-overtime ng mahigit sa 80 oras sa magkasunod na buwan na itinuturing na mapanganib dahil sa maaring pagkamatay dahil sa "karoshi" o overwork.
- Bagama't kinakailangang dagdagan ang bilang ng mga guro para matugunan ang sistema na 35 student sa bawat klase, ang bilang ng mga aplikanteng nagnanais na maging guro sa Yokohama City ay patuloy na bumababa at halintulad ito sa kalagayan sa buong kapuluan ng Japan na nakakaranas ng patuloy na pagbaba ng bilang ng mga aplikante para maging guro sa elementarya at Junior High School.

---

Batid namin na kailangang pagbutihin ang kasalukuyang paraan ng pagtratrabaho gaya ng mga sumusunod; pagdagdag sa oras para mapagyaman ng mga guro ang kanikanilang kaalaman, pagbibigay halaga sa kalusugang pangangatawan at kaisipan ng mga guro, at pagpapaganda sa pagiging kaaya-aya ng propesyon.

Para makamit ang layuning ito, kailangang maipatupad ang maayos na pagtratrabaho para masiguradong makakauwi ang mga guro at mga kawani hanggang ika-pito ng gabi, at kasama na rin dito ang pagpapatupad ng bawat paaralan ng mga hakbang para sa pagsasalang-alang sa kalagayan ng bawat mag-aaral, tagapangalaga, at ng komunidad.

---

【Mga halimbawa】

・ Pagkatapos mapagpasyahan ang kabuuang oras ng klase sa isang taon, gumawa rin ng taunan at pang-araw-araw na plano

・ Tingnan o repasuhin ang mga iba't-ibang kaganapan sa paaralan gaya ng school sports event, cultural festivals, at school excursions.

. Sa halip na faculty advisor, ang pagpapatnubay sa mga club

activities at pagbabantay sa pagsunod sa mga alituntunin ng club ay gagawin ng club activity instructors

(Araw ng Aktibidades: 4 sa karaniwang araw, 1 sa Sabado at Lingo, Oras ng aktibidades: 2 oras sa karaniwang araw, 3 oras sa Sabado at Lingo) aibp

---

Ang Board of Education at PTA Liaison Council ay magtutulungan kasama ang pamayanan, mga pamilya, at mga paaralan para pagyamanin ang mga gawaing pang-edukasyon na nagpapahalaga sa bawat mag-aaral. Nais naming hilingin sa mga magulang at sa mga tagapangalaga ang kanilang pang-unawa at pakikisama sa aming pagkilos para mapabuti ang work style ng ating mga guro at kawani ng paaralan.